
2

# Araling Panlipunan

## Unang Markahan – Modyul 2: Paglalarawan sa Aking Komunidad




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan – Ikalawang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 2: Paglalarawan sa Aking Komunidad**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Canticle Niño R. Mejia |
| **Patnugot:** | Rebecca K. Sotto, Helen G. Laus, Marie Ann C. Ligsay |
| **Tagasuri:** | Lily Beth B. Mallari, Angelica M. Burayag |
| **Tagaguhit:** | Christopher S. Carreon |
| **Tagalapat:** | Rachel S. Dela Cruz |
| **Tagapamahala**: | Nicolas T. Capulong, Librada M. Rubio, Ma. Editha R. Caparas, Nestor P. Nuesca, Robert E. Osongco, Lily Beth B. Mallari, Rebecca K. Sotto |

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ______________________

**Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon III**

Office Address: Matalino St., Government Center, Maimpis, City of San Fernando
Telefax: (045) 598-8580 to 89
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

2

# Araling Panlipunan

## Unang Markahan – Modyul 2:
## Paglalarawan sa Aking Komunidad

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## *Alamin*


Ang modyul na ito ay naglalaman ng mga gawain at aktibidad na makatutulong sa mga mag-aaral upang malaman ang mga batayang impormasyon sa komunidad.

Sa katapusan ng modyul na ito, ikaw ay inaasahan na:

- natutukoy ang mga batayang impormasyon sa sariling komunidad;
- naipaliliwanag ang kahalagahan ng mga batayang impormasyon sa isang komunidad;
- nailalarawan ang sariling komunidad batay sa pangalan nito, lokasyon, mga namumuno, populasyon, wika, kaugalian, paniniwala at iba pa.

## *Subukin*

Ibigay ang impormasyong hinihingi ng bawat lobo. Isulat ang iyong sagot sa patlang.



# Aralin 1
# Paglalarawan sa Aking Komunidad

## *Balikan*

Magbigay ng mga halimbawa kung saan maaaring matagpuan ang isang komunidad. Isulat ang sagot sa hiwalay na papel.

## Tuklasin

Alam ba ninyo ang mga batayang impormasyon ng isang komunidad? Pamilyar ba kayo sa mga ito? Basahin ang maikling kwento ni Juan tungkol sa kaniyang komunidad.

### Ang Aking Komunidad

Ang ngalan ko ay Juan, nakatira sa Bayan ng Tarlac. Masaya rito sa aming bayan, payapa at may pagkakaunawaan.

May iba-ibang grupong etniko sa aking komunidad. May Tagalog, Pampango, at Ilokano. Maging ang aming wikang sinasalita, Tagalog man, Kapampangan o Ilokano ay hindi hadlang sa pagkakaisa at pagkakaintindihan ng bawat kasapi.

Pinagbubuklod kami ng aming paniniwala sa iisang Diyos. Kristiyano man o Muslim lahat ay may matibay na pananampalataya.

Ayon sa datos noong 2015, humigit kumulang sa tatlong daang libo ang aming populasyon na pinamumunuan ng aming alkalde.



## Suriin

Saan matatagpuan ang komunidad ni Juan?

Paano inilarawan ni Juan ang relihiyon sa kaniyang komunidad?

Bakit mahalagang malaman ni Juan ang mga batayang impormasyon sa kaniyang komunidad?

Maaaring mailarawan ang iyong komunidad gamit ang mga batayang impormasyon tulad ng, *Pangalan ng komunidad* na tumutukoy sa ngalan ng iyong lugar, ang *lokasyon* na kung saan ito matatagpuan. Mahalagang impormasyon din ang *populasyon* o ang bilang ng mga tao na naninirahan dito halimbawa, ang bilang ng mga lalaki, babae, bata o mga pamilya sa isang komunidad.

Kabilang din ang *wika* o dayalekto na sinasalita sa isang komunidad, maaaring Tagalog, Kapampangan, Ilokano at iba pa. Ang *namumuno* o ang kinatawan ng komunidad, halimbawa nito ay ang Alkalde, Konsehal, Kapitan. Isa rin ang *grupong etniko* o pangkat ng mga tao na may sariling pagkakakilanlan tulad ng mga Katagalugan, Pangasinense at Kapampangan. Ang relihiyon o paniniwala ng mga tao sa kanilang Diyos maaaring mga Katoliko at Muslim ay mahalagang batayang impormasyon din sa isang komunidad.

Mahalagang malaman at tandaan ang mga nabanggit na batayang impormasyon upang malaman ang mga importanteng detalye na mas makapagbibigay ng pagkakakilanlan ng isang komunidad.

## *Pagyamanin*

**A. Panuto:** Piliin mula sa *fish bowl* ang mga batayang impormasyon na dapat malaman sa isang komunidad. Isulat sa hiwalay na papel ang mga sagot.




1. ______________________
2. ______________________
3. ______________________
4. ______________________
5. ______________________

**B. Panuto:** Ayusin ang mga *jumbled letters* upang makabuo ng mga salita na tumutukoy sa mga batayang impormasyon sa komunidad. Isulat sa hiwalay na papel ang tamang sagot.

1. K A W I - ______________________
2. Y O N R E L I H I - ______________________
3. P U P O L A S O Y N - ______________________
4. N A M U N O M U - ______________________
5. L O K A S O Y N - ______________________

**C. Panuto:** Alamin ang batayang impormasyon na ipinapahayag sa bawat bilang. Isulat ang letra ng tamang sagot sa hiwalay na papel.

1. Tumutukoy sa bilang o dami ng mga tao at pamilya na naninirahan sa isang komunidad.
   A. lokasyon
   B. wika
   C. populasyon

2. Ang tawag sa kinatawan sa pangkat o grupo ng mga tao sa isang komunidad .
   A. populasyon
   B. namumuno
   C. relihiyon

3. Ang tawag sa sinasalita ng mga tao sa isang komunidad upang magkaintindihan ang bawat isa.
   A. wika
   B. lokasyon
   C. relihiyon

4. Tumutukoy kung saan matatagpuan ang isang komunidad.
   A. etniko
   B. lokasyon
   C. populasyon

5. Pangkat ng mga tao na may sariling pagkakakilanlan.
   A. grupong etniko
   B. lokasyon
   C. Populasyon

**D. Panuto:** Tukuyin ang mga batayang impormasyon sa bawat kahon. Isulat ang letra ng tamang sagot sa hiwalay na papel.

| 1. Tagalog, Ilokano, Pampango |
|---|

A. lokasyon
B. wika
C. relihiyon

| 2. 350 lalake, 418 babae |
|---|

A. pangalan ng komunidad
B. populasyon
C. wika

**3. San Clemente, San Manuel, San Pablo**

A. populasyon
B. pangalan ng komunidad
C. grupong etniko

**4. Kristiyano, Muslim**

A. namumuno
B. lokasyon
C. relihiyon

**5. Gobernador, Alkalde, Kapitan**

A. wika
B. pangalan ng komunidad
C. namumuno

**E. Panuto:** Basahin nang mabuti ang bawat pangungusap. Isulay ang letra ng tamang sagot sa hiwalay na papel.

1. Si Roel ay nakatira sa Barangay Libis. Anong impormasyon ang tinutukoy?
   A. pangalan ng komunidad
   B. relihiyon
   C. wika

2. Tagalog ang ginagamit namin sa pakikipag-usap sa mga tao. Anong impormasyon ang tinutukoy?
   A. populasyon
   B. wika
   C. lokasyon

3. Kristiyano man o Muslim, matatag ang paniniwala namin sa iisang Diyos. Anong impormasyon ang tumutukoy sa Kristiyano at Muslim?
   A. relihiyon
   B. namumuno
   C. populasyon

4. Isang tapat at responsableng kapitan si Kapitan Cruz. Anong impormasyon ang tumutukoy kay Kapitan Cruz?
   A. Pangalan ng komunidad
   B. grupong etniko
   C. namumuno

5. Humigit kumulang sa 200 pamilya ang mayroon sa aming barangay. Ang 200 pamilya ay impormasyong tumutukoy sa ___________________.
   A. relihiyon
   B. namumuno
   C. populasyon

**F. Panuto:** Isulat ang TAMA kung wasto ang ipinahahayag sa bawat pangungusap at MALI naman kung hindi. Isulat ang sagot sa papel.

_____ 1. Tarlac, Pampanga at Zambales ay mga halimbawa ng wika sa isang komunidad.

_____ 2. Ang populasyon ng isang komunidad ay tumutukoy sa dami o bilang ng mga tao o pamilya na naninirahan dito.

_____ 3. Ang Punong Barangay, Alkalde at Gobernador ay mga grupong etniko sa isang komunidad

_____ 4. Ang kabundukan ay isa sa mga batayang impormasyon na tumutukoy sa isang komunidad.

_____ 5. Mahalaga ang mga batayang impormasyon sa komunidad upang maitala ang mga importanteng detalye sa isang komunidad.

**G. Panuto:** Itambal ang Hanay A sa Hanay B. Isulat ang letra ng tamang sagot sa papel.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| ______ 1. relihiyon | A. 1,366,027 |
| ______ 2. namumuno | B. Probinsya ng Tarlac |
| ______ 3. populasyon | C.Tagalog, Pampango, Ilokano |
| ______ 4. wika | D.Ilang- ilang |
| ______ 5. lokasyon | E. Gobernador Susan Yap |
| | F. Kristiyano, Muslim |

**H. Panuto:** Basahin ang kwento ni Pilar. Tukuyin ang mga batayang impormasyon tungkol sa komunidad. Isulat ang sagot sa kahon.

## Komunidad ni Pilar

Ako si Pilar, nakatira sa Bayan ng Capas. Iba-ibang relihiyon ang mayroon sa amin tulad ng Kristiyano, Muslim at iba pa. Naiintindihan ko ang salitang Kapampangan ngunit Tagalog ang aking sinasalita. Masaya rito sa aming bayan, payapa at may pagkakaunawaan. Iba-ibang pangkat etniko ang mayroon dito sa amin tulad ng Tagalog, Ilokano at Pampango. Ayon sa datos noong 2015, humigit o kumulang sa 140,000 katao ang naninirahan sa aming bayan na pinamumunuan ng aming responsableng alkalde.

| **Batayang Impormasyon sa Komunidad ni Pilar** | |
|---|---|
| pangalan ng komunidad | |
| relihiyon | |
| wika | |
| grupong etniko | |
| populasyon | |
| namumuno | |

## *Isaisip*

Kumpletuhin ang pahayag tungkol sa batayang impormasyon sa komunidad.

Ang mga batayang impormasyon sa bawat komunidad na dapat malaman at tandaan ay tulad ng **p_ng_lan**, lokasyon, populasyon, **n_m_muno**, **w_k_** at mga grupong **etn_k_** at **r_lihiy_n**.

Mahalagang malaman ang mga nabanggit na batayang impormasyon upang malaman ang mga importanteng detalye sa isang komunidad at nakapagbibigay ito ng mas malalim na pagkakakilanlan ng isang komunidad.


## *Isagawa*

**Panuto:** Isulat ang impormasyon sa bawat patlang ayon sa komunidad na iyong kinabibilangan.

1. Ako ay si ____________________________.
2. Nakatira sa barangay _________________________.
3. ______________________ ang aming relihiyon.
4. Ang aming kapitan ay si _____________________.
5. ______________________ naman ang aking wika o salita.

## *Tayahin*

**Panuto:** Magbigay ng limang (5) batayang impormasyon sa komunidad. Isulat ang sagot sa bawat talaan.



## *Karagdagang Gawain*

**Panuto:** Magpatulong kina nanay at tatay sa pagtala ng mga batayang impormasyon tungkol sa inyong komunidad. Isulat ang sagot sa mga kahon.

| Mga batayang impormasyon tungkol sa komunidad | |
|---|---|
| | Pangalan ng iyong komunidad: |
| | Lokasyon: |
| | Grupong etniko: |
| | Wika: |
| | Populasyon: |
| | Namumuno: |

# *Susi sa Pagwawasto*

**Subukin**
Maaaring iba-iba ang sagot ng mag-aaral depende sa kanilang komunidad na kinabibilangan.

**Balikan**
Tabing-dagat
Ilog
lawa
kabundukan
talampas
kapatagan
industriyal
lungsod

**Pagyamanin A**
1.wika
2. relihiyon
3. populasyon
4. namumuno
5. lokasyon

**Pagyamanin B**
1.wika
2. relihiyon
3. populasyon
4. namumuno
5. lokasyon

**Pagyamanin C**
1.C
2. B
3. A
4. B
5. A

**Pagyamanin D**
1. B
2. B
3. B
4. C
5. C

**Pagyamanin E**
1. A
2. B
3. A
4. C
5. C

**Pagyamanin F**
1. tama
2. mali
3. Mali
4. Tama
5. tama

**Pagyamanin G**
1. F
2. E
3. A
4. C
5. B

**Pagyamanin H**
Bayang ng Capas
Kristiyano, Muslim
Tagalog, Kapampangan
Tagalog, Ilokano, Pampango
Humigit kumulang 140,000

**Isaisip**
pangalan
namumuno
wika
etniko
relihiyon

**Isagawa**
Maaaring iba-iba ang sagot ng mag-aaral depende sa kanilang komunidad na kinabibilangan.

**Tayahin**
Wika
Lokasyon
Grupong etniko
Relihiyon
Namumuno
Populasyon

**Karagdagang Gawain**
Maaaring iba-iba ang sagot ng mag-aaral depende sa kanilang komunidad na kinabibilangan.

# *Sanggunian*

Gloria M. Cruz, Charity A. Capunitan, Emelita C. dela Rosa, Leo F. Arrobang "Komunidad ko, Kikilalanin Ko" *Araling Panlipunan 2* (Department of Education-Instructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS), Unang Edisyon, 2013), 43-49.

Gloria M. Cruz, Charity A. Capunitan, Emelita C. dela Rosa, Leo F. Arrobang "Komunidad ko, Kikilalanin Ko" *Araling Panlipunan 2 Patnubay ng Guro* (Department of Education-Instructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS), Unang Edisyon, 2013), 43-49.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph